# Impormasyon tungkol sa biosecurity para sa mga tripulanteng magbibiyahe sa Australia

Mahalagang malaman na ang Australia ay may mahigpit na mga batas tungkol sa biosecurity na naaangkop sa lahat ng mga biyahero, kabilang ang mga tripulante. Ito ay upang protektahan ang katangi-tanging buhay sa kagubatan at agrikultura mula sa mga peste at sakit. Ang pagkabigong magdeklara ay maaaring magresulta sa isang babala ng paglabag.

## Bago ka mag-empake

Ang ilang mga produkto ay hindi maaaring dalhin sa Australia, samantalang ang iba ay maaari lamang pahintulutan kung matutugunan ng mga ito ang mga kondisyon ng pag-aangkat. Ang clearance sa biosecurity ay mas madali kung ikaw ay hindi magdadala ng pagkain, sangkap ng halaman at mga produktong galing sa hayop, at kung ang anumang kagamitan ay malinis. Alamin kung ano ang maaaring dalhin sa **agriculture.gov.au/bringing-goods**.

## HUWAG MAGDALA



### Pagkain

Karne, manok, pagkaing dagat, produktong gawa sa gatas, itlog, pagkaing luto sa bahay o nakapaketeng mga pagkain, mga sandwich, mga prutas at gulay (hal., sili, bawang), pagkain mula sa barko, mga butil, bigas, mani, buto, beans at mga halamang gamot at pampalasa para sa pagluluto o gamot.



### Sangkap ng halaman

Mga dahon, buto, balat, bulaklak, buhay na mga halaman, mga cutting at dayami.

## LINISIN AT IDEKLARA








Mga bagay na yari sa kahoy, mga produktong galing sa hayop (mga balahibo, buto, buhok o balat), sapin sa paa, damit o kagamitang nadumihan o ginamit malapit sa mga hayop o sa mga lugar sa kabukiran o kagubatan.

Tiyaking lahat ng mga kagamitan ay nilinis nang husto upang matanggal ang anumang:

- lupa, putik o clay
- bagay na galing sa hayop o dumi
- bagay na galing sa halaman tulad ng dayami, maliliit na sanga, mga dahon, ugat, balat o buto

Ang kagamitang ginamit sa mga lawang tubig-tabang o mga ilog sa ibayong dagat ay kailangang:

- malinis at walang nakikitang mga kumpol ng algae
- ganap na tuyo.

## Tumulong na protektahan ang Australia mula sa hindi kanais-nais na mga peste at sakit

Ang Australia ay malaya sa karamihang mga peste at sakit na matatagpuan sa palibot ng mundo, kabilang ang African swine fever (ASF) at tinatawag na foot-and-mouth disease (FMD). Ang outbreak o biglang paglitaw ng mga sakit na ito ay ganap na makakapinsala sa mga industriya ng hayop, kalakalan at ekonomiya ng Australia.

Ang mga sakit na ito ay maaaring pumasok sa Australia sa pamamagitan ng pag-aangkat ng karne at mga produktong gawa sa gatas na nagkaroon ng impeksyon ng ASF o FMD virus. Ang virus na ito ay maaari ding madala sa nakontaminahang mga sapatos, damit o kagamitan. Ang bawat isa ay may tungkuling gagampanan upang mapanatiling ligtas ang Australia. Tiyakin na hindi ka magdadala ng ganitong mga panganib sa biosecurity sa Australia.

## Bago ka dumating sa Australia

Kumpletohin ang iyong Crew Declaration. Ayon sa batas, kailangan mong ideklara ang anumang mga kalakal na magiging sanhi ng panganib sa biosecurity katulad ng ilang pagkain, sangkap mula sa halaman at mga produktong mula sa hayop. Kabilang dito maging ang kakaunting pagkain at mga meryenda. Hindi ka paparusahan sa ilalim ng *Biosecurity Act 2015* kung idedeklara at ipiprisinta mo ang lahat ng mga kalakal, kahit ang mga ito ay hindi pinapahintulutang ipasok sa Australia. Ang mga kautusang ito ay naaangkop din sa mga tripulanteng magbibiyahe deretso sa paliparan upang umalis sa Australia. Tandaan huwag magdala ng pagkaing mula sa cruise ship.

## Ano ang mangyayari kung hindi mo idedeklara ang mapanganib na mga kalakal?

Kung ikaw ay nabigong magdeklara, o nagbigay ng hindi totoong deklarasyon, ikaw ay maaaring isyuhan ng babala ng paglabag.

I-ISKAN PARA SA KARAGDAGANG KAALAMAN

## Ano ang mangyayari sa mga kalakal na iyong idedeklara?

Sisiyasatin ng opisyal ng biosecurity ang iyong mga kalakal at maaaring humingi ng karagdadagang impormasyon o dokumentasyon. Kung mababa ang panganib ng mga kalakal, ang mga ito ay ibabalik sa iyo. Kung mataas ang panganib ng mga kalakal, maaaring kailanganing gamutin ang mga ito, iluwas mula sa Australia o sirain na ikaw ang magbabayad sa gastos. Bibigyan ka ng payo ng opisyal ng biosecurity tungkol sa mga opsyon para sa iyong mga kalakal kung kakailanganin.

May naaangkop na bayad sa paggamot para sa mga bagay na natukoy na nangangailangan ng paggamot at sisingilin sa taong nag-aangkat ng nasabing bagay. Ang karagdagang mga detalye ng mga bayad at singil ay maaaring matagpuan sa **agriculture.gov.au/charging-guidelines**.

## Ano ang gagawin kung nalaman mong may panganib sa biosecurity matapos na ikaw ay dumating

Kung may nakita kang buhay na mga hayop, insekto, lupa, sangkap mula sa halaman o iba pang mapanganib na mga bagay, kapag tinatanggal mo ang iyong mga gamit mula sa iyong mga bag matapos na ikaw ay dumating sa Australia, tumawag sa 1800 798 636. Ikaw ay hindi parurusahan.

## Karagdagang impormasyon

Para sa partikular na mga kondisyon o mga kinakailangang dokumentasyon ng pag-aangkat, bisitahin ang Biosecurity Import Conditions system (BICON) sa **agriculture.gov.au/bicon**, o mag-email sa **imports@agriculture.gov.au**.

BIO076.0623